ARALING PANLIPUNAN

BAITANG 7, YUNIT 3

# Yamang Tao ng Asya

TALAAN NG NILALAMAN

**Aralin 2: Mga Katangian ng Populasyong Asyano** **12**
- Layunin Natin 12
- Subukan Natin 13
- Alamin Natin 14
- Pag-aralan Natin 14
- Suriin Natin 19
- Sagutin Natin 20
- Pag-isipan Natin 20
- Gawin Natin 20



Copyright © 2018 Quipper Limited

Aralin 2

# Mga Katangian ng Populasyong Asyano

## Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang nasusuri ang kaugnayan ng populasyon ng mga bansa sa Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon batay sa komposisyon ayon sa gulang, inaasahang haba ng buhay, at kasarian.



***Tinatayang 1,349,472,333 ang populasyon ng India noong Marso 2018***

Ang populasyon ay ang kabuuang dami ng tao na naninirahan sa isang tiyak na lugar. Nagiging malinaw ang pagsusuri sa populasyon ng isang bansa o rehiyon dahil sa demograpiya. Batay sa mga katangian ng populasyon, may direktang kaugnayan ang yamang tao o populasyon ng mga bansa sa Asyasa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon. Paano nakaaapekto ang mga katangian ng populasyong Asyano sa pag-unlad ng Asya?

Nakatuon ang araling ito sa komposisyon ayon sa gulang, inaasahang haba ng buhay, at kasarian.




Copyright © 2018 Quipper Limited


## Subukan Natin

**Tukuyin ang katangian ng populasyon na ipinakikita o ipinahihiwatig ng bawat larawan o tsart. Sumangguni sa kahong pagpipilian.**


A. Kasarian
B. Inaasahang Haba ng Buhay
C. Komposisyon ayon sa Gulang

1. 


_______________

2. 


_______________

3. 

_______________



Copyright © 2018 Quipper Limited

# Pag-aralan Natin

Kasama sa pag-aaral ng demograpiya ang iba't ibang **estadistika** na may kinalaman sa populasyon. Ang ilan sa mga ito ay ang **komposisyon** ng gulang, inaasahang haba ng buhay, at kasarian.

## Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na salita:

- estadistika – interpretasyon at organisasyon ng datos
- komposisyon – kayarian, kabuuan
- lakas-paggawa – may kasanayan at kakayahang magtrabaho
- *estrogen*– *hormone* ng babae
- *testosterone* – *hormone* ng lalaki
- pagkagumon - pagkalulong

## Komposisyon ng Gulang

May tatlong uri ng komposisyon ng gulang ang populasyon.

1. **Batang Populasyon** – Ito ay binubuo ng mga Asyanong 0 hanggang 14 na taong gulang. Sila ang bahagi ng  populasyon na umaasa sa iba para matugunan ang kanilang pangangailangan.

2. **Gitnang Populasyon** – Ito ay binubuo ng mga Asyanong 15-64 na taong gulang. Sila ang bahagi ng populasyon na bumubuo sa **lakas-paggawa**at tumutugon sa pangangailangan ng iba pang bahagi ng populasyon.


3. **Matandang Populasyon** – Ito ay binubuo ng mga Asyanong 65 na taong gulangpataas. Katulad ng batang populasyon, umaasa rin sila sa gitnang populasyon upang matugunan ang knailang pangangailangan.

Ang mga may edad namang 15 hanggang 64 na taon ay tinatawag ding **produktibong populasyon** dahil masigasig silang naghahanapbuhay sa mga gulang na ito.
Ang **umaasang populasyon** (bata at matandang populasyon) ay sinusuportahan ng produktibong populasyon. Ang bansang may malaking bahagi ng gitnang populasyon ay maaaring maging malakas at matatag ang yamang tao at lakas-paggawa. Sa kabilang dako, ang mga bansang may malaking bahagi ng bata at matandang populasyon ay maaaringmahirapan sa pag-unlad. Ito rin ay nagsisilbing hamon sa pamahalaan kung paano tutugunan ang kanilang pangangailangan.



Copyright © 2018 Quipper Limited

Kabilang ang Afghanistan sa may pinakamaraming bilang ng batang populasyon sa buong mundo. Ayon sa *Afghan Central Statistics Organization,* noong nakaraang taon, halos 47% ng 27.1 milyong populasyon nito ay mas mababa ang edad sa 15 at 37% ang nasa pagitan ng 15 hanggang 39 taon gulang. Ang 84% ay mas mababa sa 40 taong gulang.




***Ang Tumatandang Populasyon ng Hapon***

Samantala, ang Hapon ang nagungunang bansa na may pinakamaraming bilang ng matandang populasyon. Ayon sa pagtataya noong nakaraang taon, 33.0% ng mga Hapones ay mas matanda sa 60 taon, 25.9% ang may edad 65 o higit pa, 12.5% ang 75 taon o higit pa. Ang mga Hapones na nasa gulang na 65 pataas ang bumubuo ng sangkapat *(quarter)* ng kabuuang populasyon, na sa 2050 ay tinatayang mas tataas pa.

## Inaasahang Haba ng Buhay

Ang **inaasahang haba ng buhay** o ***life expectancy*** ay ang bilang ng taon na ang isang kapanganganak na sanggol ay inaasahang mabubuhay ayon sa antas ng kasalukuyang pamumuhay.



***Mas mahilig magbisyo ang kalalakihan kaysa kababaihan***

Ayon sa pag-aaral ng*World Health Organization* (WHO), mas mahaba ang buhay ng mga babae kumpara sa mga lalaki. Tinatayang mas mahaba ng tatlo hanggang limang taon ang buhay ng mga babae dahil sa kanilang ***estrogen***. Mabagal o bihira diumanong magkaroon ng problema o sakit sa puso ang ang mga babae kumpara sa mga lalaki. Dahil naman sa ***testosterone***, tumataas ang *death rate* ng mga lalaki. Nag-uudyok ang *testosterone* ng delikadong pag-uugali sa kabataang lalaki. Halimbawa nito ay ang pag iinom ng alak, paninigarilyo, at **pagkagumon** sa droga. Pinatitibay ito ng mga tala at resulta ng pag-aaral sa halos lahat ng rehiyon at mga bansa sa Asya.


Copyright © 2018 Quipper Limited

Sa buong mundo at maging sa Asya, ang gitna o pamantungan *(average)* na inaasahang haba ng buhay pagkapanganak ay 71.5 taon. Ito ay kumakatawan sa 68 at apat na buwan para sa kalalakihan at 72 at walong buwan para sa kababaihan ayon sa*World Factbook.*

Ang ilan sa bansang may pinakamababang pangkalahatang inaasahang haba ng buhay ayon sa WHO ay Central African Republic, Democratic Republic of the Congo, Guinea-Bissau, Somalia, Swaziland, Chad, Mali, Burundi, at Cameroon, karamihan ay mga bansa sa Aprika.Sa Asya naman, ang taga-Afghanistan ang may pinakamababang inaasahang tagal ng buhay.



***Mababang kalidad ng pamumuhay***

Hindi kasali ang Taiwan sa estadistika ng WHO dahil hindi ito itinuturing bilang estado sa halip ay isang lalawigan lamang ng Tsina sa ilalim ng *One-China Policy*. Ayon sa *Ministry of the Interior of the Republic of China*, ang *life expectancy* ng 23.5 milyong Taiwanese ay tinatayang umaabot ng 80.2 na taon noong 2016 mula sa 79.84 na taon noong 2014. Ang pamantungan ng *life expectancy* ng kalalakihang Taiwanese ay 77.01, samantala ang kababaihan ay 83.62, mas mataas ito kumpara sa ibang bansa.

Ang Hong Kong ay isang teritoryong may napakataas na *life expectancy* ayon sa *Hong Kong Department of Health.* Ito ay umaabot sa 84.0 na taon (kababaihan-81.2 taon; kalalakihan 87.3 na taon) noong 2016, nalampasan nito ang inaasahang haba ng buhay sa Hapon na nakapagtala lamang ng 83.7 na taon. Hindi rin kasali ang Hong Kong sa estadistika ng WHO dahil ito ay isang *Special Administrative Region of China,* at hindi kasapi ng WHO.

Kagaya nang nabanggit, maikli ang buhay ng mga tao sa Afghanistan. Apatnapu't pitong taon lamangang karaniwang haba ng buhay ng mga tao sa bansang ito. Kabaliktaran naman ang haba ng buhay ng mga tao sa Hapon kung saan ang mga babae ay umaabot sa 86 na taon at mga lalaki naman ay umaabot sa 79 na taong gulang.



Copyright © 2018 Quipper Limited



***Ang mga taga-Afghanistan ang may pinakamababang inaasahang haba ng buhay o life expectancy sa Asya.***

Ang mga bansang  Hapon, Timog Korea, Singapore, Qatar, Bahrain, at United Arab Emirates ay may mataas na *life expectancy*. Kapansin-pansin na ang mga bansang ito ay may higit na maunlad na ekonomiya at may magandang serbisyong medikal.


## Kasarian

Ang **kasarian**o *sex,* sa karaniwang gamit, ay tumutukoy sa pagkakaiba sa pagitan ng lalaki at babae. Ito rin ay maaaring tumukoy sa gawain ng babae at lalaki na ang layunin ay reproduksiyon o pagpaparami ng tao. Ayon sa *World Health Organization,* ang kasarian ay tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki.

Ang ***population graph*** ay isang uri ng *graph* na nagpapakita ng populasyon ng isang tiyak na lugar. Tingnan ang *population pyramid* sa ibaba na nagpapakita ng taon at bahagdan ng bilang ng babae at lalake sa Asya noong 2016.



Copyright © 2018 Quipper Limited




***Population Pyramid ng Asya***

Mapapansin na halos mas marami ang bilang ng kalalakihan na may edad 60 pababa habang mas mataas naman ang bilang ng kababaihan na may edad 61 pataas.

Kung ating susuriin, malaki ang ugnayan ng populasyon o yamang tao ng mga bansa sa Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon. Ang gitnang populasyon bilang produktibong populasyon ang siyang katuwang ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng bansa o rehiyon. Sila rin ang tumutugon sa mga pangangailangan ng mga bata at matandang populasyon bilang umaasang populasyon. Mapapansin na ang mga bansang may mahabang *life expectancy* ay yaong mga bansang mauunlad. Sa ganitong kalagayan, isa sa mga pangangailangang madaling tugunan at ipagkaloob ng pamahalaan sa mga mamamayanay ang mahusay na serbisyong medikal, serbisyong wala o mahirap makamtan ng populasyon ng mga bansang umuunlad pa lamang.

May kinalaman din ang kasarian sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sakasalukuyang panahon. Mainit pa rin ang isyu hinggil sa pagkakapantay ng kasarian sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan. Hindi maitatanggi na sa kasalukuyang panahon, malaki ang papel na ginagampanan ng kababaihan sa pagpapaunlad ng kani-kanilang bansa at rehiyon, bilang manggagawa man o bilang propesyunal.


Copyright © 2018 Quipper Limited

## Suriin Natin

**Suriin kung tama o mali ang bawat pangungusap. Kung tama, lagyan ng tsek (✓) ang patlang. Kung mali, salungguhitan ang salita o pariralang nagpamali at isulat ang tamang sagot.**

_______________ 1. Ang batang populasyon ay binubuo ng mga Asyanong 0-14 na taong gulang na umaasa sa iba para matugunan ang pangangailangan.

_______________ 2. Ang produktibong populasyon ay binubuo ng mga Asyanong 15-64 na taong gulang na bumubuo sa lakas-paggawa at tumutugon sa pangangailangan ng iba pang bahagi ng populasyon.

_______________ 3. Ang bansang may malaking bahagi ng gitnang populasyon ay maaaring maging malakas at matatag ang yamang tao at lakas-paggawa.

_______________ 4. Ang Hapon ang may pinakamaraming bilang ng matandang populasyon sa Asya.

_______________ 5. Ayon sa *World Health Organization,* mas mahaba ang buhay ng kababaihan kaysa kalalakihan.

_______________ 6. Sa Asya, ang Somalia ang may pinakamababang inaasahang haba ng buhay.

_______________ 7. Mababa ang pamantungan ng *life expectancy* ng mga taga-Taiwan kung ihahambing sa ibang bansa sa Asya.

_______________ 8. Ang Hong Kong ay may napakataas na *life expectancy* na umaabot sa 84 na taon, mas mataas sa inaasahang haba ng buhay sa Hapon.

_______________ 9. Ang Korea, Singapore, Qatar, Bahrain, at United Arab Emirates ay may mababang *life expectancy* dahil sa mauunlad na ekonomiya at mahuhusay na serbisyong medikal ng mga ito.

_______________ 10. Mas marami ang kababaihan kaysa sa kalalakihan sa Asya.



Copyright © 2018 Quipper Limited

## Sagutin Natin

**Sagutin ang sumusunod natanong:**

1. Bakit tinatawag na produktibong populasyon ang gitnang populasyon?
2. Bakit mataas ang *life expectancy* ng mauunlad na bansa kaysa sa umuunlad pa lamang?
3. Ano ang paliwanag ng *World Health Organization* sa kasarian o *sex?*

## Pag-isipan Natin

Ano ang posibleng mangyari sa isang bansa o rehiyon kung:

1. matanda ang populasyon?
2. bata ang populasyon?
3. mas mababa sa 40 taon ang inaasahang haba ng buhay ng mga tao?

## Gawin Natin

Buuin ang talahanayan upang maipakita ang pagsusuri ng kaugnayan ng populasyon ng mga bansa sa Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon. Iminumungkahi ang ibayong pananaliksik upang maging mas komprehensibo ang gagawing pagsusuri. Tiyaking sa pamamagitan ng gawaing ito ay madadagdagan ang kaalaman tungkol sa aralin.

| Salik/Katangian | Pagsusuri (Kaugnayan ng populasyon sa Kabuhayan at Lipunan) |
|---|---|
| **Komposisyon ayon sa Gulang** | |
| **Inaasahang Haba ng Buhay** | |
| **Kasarian** | |



Copyright © 2018 Quipper Limited

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

| Pamantayan | [25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan | [50%] Kailangan pa ng Pagsasanay | [75%] Magaling | [100%] Napakahusay | Marka |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Wala o kulang na kulang ang nilalaman ng ginawang pagsusuri; hindi nagsaliksik, umasa sa aralin o nangopya sa kaklase; tila walang natutunan o hindi nadagdagan ang kaalaman | Kulang ng ilang datos ang ginawang pagsusuri; hindi nagsaliksik, umasa lamang ng impormasyon sa aralin; hindi nadagdagan ang kaalaman | Sapat at impormatiboa ng ginawang pagsusuri; may manipestasyon na nagsagawa ng pananaliksik; nadagdagan ang kaalaman | Sapat, napaka-impormatibo, at komprehensibo ng ginawang pagsusuri; kitang-kita ang resulta ng ginawang pananaliksik; tiyak na tiyak na nadagdagan ang kaalaman | |
| **Kaayusan at Kalinisan** | Walang kaayusan at napakadumi ng *output;* napakaraming nakitang bura, dumi o pagkakamali | Kailangang matutong maging maayos at malinis sa paggawa; maraming nakitang bura, dumi, o pagkakamali | Maayos at malinis ang *output;* may ilang nakitang bura, dumi, o pagkakamali | Napakaayos at napakalinis ng ipinasang *output;* walang nakitang bura, dumi, o pagkakamali | |
| **Panahon ng Paggawa** | Nakapagpasa ng *output* sa loob ng ilang minuto/oras/ araw/ linggo linggo matapos ang itinakdang panahon ng pagpapasa dahil ipinaalala ng guro | Nakapagpasa ng *output* sa loob ng ilang minuto/oras/ araw/ linggo matapos ang itinakdang panahon ng pagpapasa | Nakapagpasa ng *output* sa itinakdang minuto/oras/ araw/linggo ng pagpapasa | Nakapagpasa ng *output* bago pa ang itinakdang minuto/oras/ araw/linggo ng pagpapasa | |
| | | | | **KABUUAN** | |



Copyright © 2018 Quipper Limited